

# KORONA

## KC Daniel Inventor

Ito na ang pinakamalinaw at nag-iisa kong alaala kasama si Jonnie\*: nagliliwanag na aparisyon ang imahen niyang nakatayo sa unahan ng entablado at kumakaway suot ang kumikinang na puting fully-beaded gown habang nasa mga bisig niya ang parehong bouquet ng sari-saring bulaklak at scepter, at nakahapon sa itim at unat na unat niyang wig ang kumikinang ding korona. Isang gabi iyon ng 2003. Kung tama ang pagkakatanda ko ay mag-aalas-diyes na iyon. Sa kabila ng dilim na lumulukob sa nakapaligid na mga palayan, nagliliwanag na higitang lampara sa dilim ang basketball court ng liblib na barangay kung saan ginanap ang kauna-unahang Miss Gay na sinalihan ko. Namumutakte iyon sa mga taong akala mo ay mga insektong humaling na humaling sa liwanag ng mga spotlight at naghahabulang mga ilaw ng mga bumbilyang sarikulay. Halos sumabog na sa apat na sulok ng court ang mga higitang speakers na nilulunod ang huni ng mga kulisap sa paligid. Sinasabayan pa iyon ng hiyawan ng mga manonood. Parang pustahan sa sabungan. Dalawang numero ang pinagsasabong ng lahat: 5 at 9. Iyon na kasi ang huling bahagi ng byukon. Sa unahan ng stage, magkakarap na nakayuko at magkahawak-kamay kaming dalawa ni Jonnie habang ang walong iba pang mga beteranang nakalaban namin ay nakatayo sa bandang likuran; nakikisigaw na rin ng kanilang mga pusta.

Sigurado akong noong mga oras na iyon, nanlalamig at humuhulas na ang mga kamay ko. Marahil ay pasulyap-sulyap pa ako sa mukha niya at minsanang pumipikit-tingala sabay hingang malalim para humiling habang hinihintay na tawagin ang numerong magtatapos sa laban. Maaaring ganoon din siya sa akin. Nakahihilo na kasi ang bahaging ito ng alaala dahil parang

mabilis nang hinahalo ang mga bagay sa paligid ko na lumikha ng paikot-ikot na kumunoy: ang mga tao, ang mga ilaw, ang mga kulay, ang mga hiyaw, lahat na. Namimingi na para bang idinidiin ko ang mga hintuturo sa butas ng aking mga tainga. Nanlalabo ang paningin na para bang may suot akong naghuhulas na salamin.

Naging malinaw na lamang ulit ang lahat nang marinig ko ang pagsigaw ng host ng numero 9. Kasunod niyon ay ang pag-abot ng kapitan de barangay ng bouquet, scepter, at envelope kay Jonnie at pagpatong ng korona sa ulo niya na sinabayan ng mas malakas pang hiyawan. Umatras ako nang isuot na sa akin ang sash ng first-runner up na binudburan ng pulang glitters ang mga letra at iabot sa akin ang puting sobreng naglalaman ng premyo ng pinakaunang talunan. Ayaw lubayan ng mga mata ko ang nagniningning na korona na para bang doon lamang nakabuhos ang liwanag ng spotlight. Pakiwari ko, sukat na sukat at ang bigat-bigat niyon sa ulo niya lalo na at napapalamutian iyon ng malalaking mga batong mala-balangaw sa ganda. Halos mapanganga pa ako nang mapatitig ako sa mukha ni Jonnie noong sandaling iyon. Para siyang si Mama Mary na nagkatawang-lupa para lumaban sa byukon.

Matapos niyang kumaway-kaway sa nahimasmang madla ay nakangiti siyang nagmuwestra sa akin. Sabay na raw kaming bumaba sa stage. Inalalayan pa niya akong bumaba sa hagdan dahil baka matisod daw ako sa suot kong matingkad na apple green gown na muntik nang maging carpet sa haba ng train. Sa totoo lang, bago pa man mag-umpisa ang laban ng mga bakla sa entablado, maingay na ang usap-usapang siya ang mananalò. Kumbaga sa hot picks ng mga pageant blogs ngayon, ni minsan ay hindi siya natinag at napataob sa number 1 spot sa lahat ng prediksyon. Bukod kasi sa malinaw na dahilang pinagsisigawan ng mukha niya, bulong-bulungan nang bumubula rin ang bibig niya pagdating sa Q&A. Kaya nang kami na lamang ang last two standing, nagsimulang kuminang sa loob ko ang ideyang posibleng ako ang

makasungkit ng korona. Sa isip-isip ko, kaya ko ito. Pareho lamang naman kaming baguhan sa byukon at iisang kandidata na lamang siyang nakaharang sa akin para makuha ang titulo. Que se jodang kulay labanos siya at heavenly ang ganda niya, palagay ko ay binigyan ko naman siya ng magandang laban sa Q&A. Kaya nang sa ulo niya ipinatong ang korona, maliban pa sa pagkamangha ko sa nagmistulang lumitaw na halo sa ulo niya at sa karakas niyang mala-santo, pagkahigpit-higpit din akong sinakal ng pagkadismaya. Gumana pa ang pagiging immature ko at naisip kong hablutin sa kanya ang korona at isuot ito sa sarili. Pero ewan ko ba, nang dahil lamang sa small gesture of kindness na ipinakita niyang iyon sa akin, nabura iyon sa isip ko. Nagpalitan kami ng pagbati sa isa't isa kasabay ng paglapat ng magkabilang pisngi bago kami dumiretso sa backstage kung saan naghihintay na ang mga handler namin.

Iyon na ang una at huling close encounter ko kay Jonnie. Pagkatapos kasi ng gabing iyon, sa tuwing magkakasalubong kami sa plaza ng Dolid, kung hindi man siya nakayuko ay tatango lamang sa akin, ngingiti, at tuloy-tuloy na maglalakad kung saan man siya patungo. Hindi natitinag. Parang walang ibang nakikita o napapansin sa kanyang paligid. Noong mga panahong iyon, araw-araw na siyang may suot na imbisibol na korona sa mata ng lahat. Kahit na mapadpad pa siya sa iba pang kalapit na banwa ay kilala siya ng mga kabaro sa komunidad. Bukod kasi sa sunod-sunod na pagkapanalo niya sa mga byukon, malapit na raw siyang magtapos sa kolehiyo bilang nursing student. Noong mga panahong iyon, nursing ang in demand na kurso sa buong bansa lalo na sa probinsya namin. Maraming tumutok sa imbisibol na koronang iyon sa ulo niya. Isa na ako roon na nasa 2<sup>nd</sup> year high school pa lamang at nangangarap ding makasungkit ng titulo at makapag-aral sa kolehiyo. Siyempre, marami rin ang napapakunot ang noo sa ningning ng koronang iyon, lalo na sa mga kapwa kontesera sa banwa namin. Ang sabi pa nga, porké't nakailang panalo na at nakakasandosenang lalaki na sa isang gabi, akala mo ay kung sino nang artistang pinipili lamang ang kakausapin. Pero

sa pagkakaalala ko, kahit noong gabing nasa backstage kami at nagpapalitada ng makeup sa mga mukha namin habang nagbabatuhan ng pang-ookray sa isa't isa ay matipid naman talaga siya sa salita. Narinig ko na lamang ang boses niyang parang mga pananim na palay na hinahawi ng hangin sa paligid ng basketball court noong gabi ng byukon noong self-intro, Q&A, at nang batiin niya ako ng "Congrats sa aton, 'day."

Iyon lamang ang hangganan ng pagkakakilala ko kay Jonnie. Kaya noong lumuwas kami ng pamilya ko sa Maynila para dito na tumira, isa siya sa mga mukhang nabaon na sa pinakamalalim na hukay ng mga alaala ko ng Negros. Noong taong 2015, nabuhay ulit ang katiting na alaala niyang ito nang mabalitaan ko kay Benjie\*, matalik na kaibigan at kapwa kontesera, ang nangyari sa kanya at sa imbisibol niyang korona.



2005 nang dumating ako ng Maynila mula Negros. Halos mag-iisang buwan pa lamang ang lumipas matapos kong grumaduate sa high school. Noong mga panahong iyon, tuluyan ko nang binura ang lahat ng bakas ng makeup sa mukha ng pagkabakla ko. Iniwan ko na rin sa probinsya ang mga long gown, swimsuit, at high heels na alaala ng buhay kontesera ko sa loob ng dalawa at kalahating taon. Isinauli ko sa mga may-ari ang mga hiniram at ipinamana ko naman ang mga pag-aari ko sa ilang mga kaibigang nagpatuloy sa pakikipagsapalaran sa pag-abot sa inaasam-asam na korona. Biro ko, sila na ang sumungkit ng titulo para sa akin. Sa loob kasi ng halos dalawa at kalahating taon ng buhay kontesera ko, ni isang titulo ay wala akong napala. First runner up na ang pinakamataas na nakuha ko na isang beses ko lamang nakamit at Darling of the Crowd naman ang nauwing pampalubag-loob bukod pa sa consolation prize.

Ang pakiusap sa akin ni Papa, kalimutan ko na ang mga dati kong ginagawa sa probinsya ngayong nasa Maynila na kami. Bagong buhay na raw

kasi ito. Ang ibig niyang sabihin, itigil ko na ang pagsali sa mga paligsahan para sa mga tulad kong bakla. Ang totoo, ayaw na ayaw kasi niyang nakikita akong nakadamit pambabae, nakaahit ang kilay at bigote, at tadtad ng makeup ang mukha, kahit na hindi ko naman talaga ginagawa ang mga ito sa mga ordinaryong araw ng buhay ko sa probinsya. Aaminin kong hindi ako komportableng gawin ang mga ito. Hindi dahil naniniwala ako sa sinabi ni Papa sa akin dati na nawawala ang respeto sa akin ng ibang tao sa tuwing nag-aanyo at nag-aasal babae ako, kundi dahil hindi ko itinuturing na babae ang sarili ko kundi isang lalaki at bakla. Bukod pa roon, hindi rin biro ang pagdadaanang transpormasyon dahil maliban sa pisikal na pagbabago, kailangan mo ring ihanda ang sarili mo sa mga kirot at hapdi ng mga hindi nakikitang sugat sa aakyat mong entablado. Pero sa tuwing may masasagap kaming balita ng mga kaibigan, mula sa mga kakilalang kabaro na mayroong pa-contest sa mga liblib na barangay sa parehong malalapit at malalayong banwa, ibang usapan na. Kahit pa magkapantal-pantal ako dahil sa mga lace at beads ng suot kong gown at swimsuit, kahit na magkandasugat-sugat ang mga paa dahil sa hindi sukat na high heels at kahit magkandapaltos-paltos ang dibdib, bewang, at ari ko sa ilang ikot ng packaging tape ay nakasanayan ko na lamang ang sakit. May mga pagkakataon pa ngang hinahanap-hanap na ng katawan ko ang hapdi at kirot ng proseso na para bang bahagi na talaga ito ng pagiging kontesera ko; ng pagiging bakla ko. Sabi nga ng mga beteranang konteserang kakilala namin, kung gusto mong magka-korona, magtiis-ganda. Hindi ko naman binigo si Papa sa hiling niya sa akin. Sa Maynila, hinayaan kong sabay na tumubo ang mga dati ay ahit na kilay at bigote. Tinuruan ko ang mga kamay at daliri kung paano kalimutan ang pagpilantik. Pinagbawal ko sa bewang ang hilig nitong eksaherahin ang kaliwa at kanan. Inunat ko ang dating kulot na dilang pinaaalon ang tono ng mga salita.

Pero bukod pa sa dahilang iyon, isa pang naiisip ko kung bakit ganoon na lamang ang kagustuhan niyang huminto ako sa pagiging kontesera ay ang

maaaring pagkatuklas niyang kakambal ng pagsali ko sa mga byukon ang pagpapahupa ng init ng katawan kasama ang mga binata sa mga kalapit na kamalig, kawayanan, tabing-dagat, likod ng barangay hall, at eskuwelahan. Kaya alam na alam ko ang ibig niyang sabihin sa tuwing sinasabi niya sa akin na dapat kong pigilan ang nararamdaman ko; na kayang-kaya kong pigilan ang pagiging bakla. Marami naman daw bakla riyan na may sariling pamilya at nagkaroon daw ng asawa at mga anak. Nadadamay pa nga sa mga pangaral niyang ito sa akin sina Ogie Diaz at Arnel Ignacio na wala namang kaalam-alam sa pinagdadaan ko bilang bakla. Alam na alam ko na ang ibig sabihin niyon ay ayaw niyang magkakaroon ako ng relasyon sa kapwa lalaki, kahit pa nga ipinagpipilitan niya sa aking tanggap naman niya ang pagiging bakla ko. Sa palagay ko ay hindi niya masikmura ang ideya ng dalawang lalaking nagtatalik lalo pa kung anak niya ang isa sa mga iyon. Minsan naiisip ko, kung naging straight siguro ako, malamang na hindi ko maririnig sa kanya na pigilan ko ang nararamdaman ko. Malamang ay ipagmamalaki pa niya sa mga kainuman niya noon kapag nalamang nagkaroon na ako ng karanasan sa babae kahit pa nga magka-tulo pa ako. Nasabi ko ito dahil sa isang komento niya sa binatang kapitbahay namin sa Negros na nagkatulo dahil sa pakikipagtalik sa mga tinatawag na kaplóg sa isang beach resort malapit sa amin. Komento niya, ganoon daw talaga ang mga tunay na lalaki. Isa pa, tulo lamang daw iyan. Gagaling din daw agad iyan sa antibiotics, na para bang ganoon lamang kadali ang paggagamot; na para bang karapatan at isang badge of honor para sa mga “tunay na lalaki” ang makipagtalik sa kung sinong gustuhin nilang babae at ang magkatulo.

Noong mga panahong iyon, wala pa akong ibang naririnig na sakit na nakukuha sa pakikipagtalik kundi tulo. Iyon at iyon kasi ang lagi kong naririnig kahit na sa mga kabaro sa komunidad sa probinsya. Kay Papa ko unang narinig ang salitang AIDS. Sakit daw iyon na nagmula sa isang Aprikanong nakipagtalik sa isang unggoy at kumalat nang dahil sa pakikipagtalik ng

lalaking iyon sa kapwa niya lalaki. At kumalat nang kumalat nang kumalat sa iba't ibang bahagi ng mundo tulad ng pagkalat ng kuwentong iyon. Sa madaling salita, pinupunto lang ng kuwento na bakla ang nagpakalat ng sakit na nagmula sa hayop. Sakit na nabuo nang dahil sa "abnormal" na ugnayan ng tao at hayop at ng dalawang lalaki. Kahit nagbago na ang pananaw at paniniwala ni Papa tungkol sa sakit na ito pagkalipas ng mga taon nang dahil sa pagpapaliwanag ko sa kanya, hindi ko pa rin mapigilang mapailing sa tuwing maaalala ko ang kuwento niyang may langkap nang kasinungalingan. Ayon sa nabasa kong artikulo, hindi naman AIDS kundi HIV ang virus na nagmula nga sa isang uri ng chimpanzee sa West Africa. Una raw natuklasan ang impeksyon nito sa tao sa isang mangangasong taga-Democratic Republic of Congo noong taong 1959. Pero kung totoo nga bang nakipagtalik ang lalaki sa unggoy ay hindi naman iyon napatunayan kahit kailan. May teoryang sa mga kagat at kalmot daw ng mga ilahas na hayop nahawa ang mangangasong iyon at hindi sa pakikipagtalik sa unggoy. Ang nakakatawa, mala-alamat ang tono ng pagkakakuwento ni Papa. Tipong mga lumang istoryang ikinukuwento ng matatanda sa mga bata para iwasan o katakutan ang isang bagay o gawi. Sa kabilang banda, sa tuwing napagtatanto ko ang pinupunto ng kuwento niya ay nagiging kinusot na papel pa rin ang mukha ko.

Ganoon pa man, hindi napigilan ng mga pakiusap at kuwento ni Papa ang pagkabakla ko. Marami man kasi akong binago sa pisikal kong anyo, nahirapan pa rin akong itanggi sa sarili ang totoong mukha sa loob ko. Sa puntong ito, makikilala ko ang una kong naging boyfriend sa kolehiyo—si Sergie\*. Nasa 2<sup>nd</sup> year pa lamang ako noon at siya naman, nasa 3<sup>rd</sup> year. Siya rin ang pinakaunang taong nakausap ko nang masinsinan at kumumbinsi sa akin na alamin ang HIV status ko. Bago pa man kami magkakilala, aminado akong makailang beses ko nang tinuklas ang mga bagay na maaari kong gawin sa aking katawan at seksuwalidad. Maihahalintulad ko ang mga ito sa ilang pagkakataong pagsali ko sa mga byukon at iba pang paligsahan

para sa mga tulad ko. Madalas na padalus-dalos ang mga iyon, hindi pinag-isipan nang maigi, at madalas ding walang pag-iingat makamit ko lamang ang kasiyahan at kalayaang hinahangad ko sa mga sandaling iyon. Inamin ko sa kanya ang lahat ng iyon bago pa man kami magkasundong pasukin ang pakikipagrelasyon sa isa't isa. Dahil sa rebelasyon kong iyon, hindi na niya ako tinigilan sa pangungulit na magpa-test.

Kung si Sergie ang dahilan ng pagkamulat ko sa isyu ng HIV at AIDS, isa rin siya sa mga naging dahilan kung bakit naduwag ako sa pakiusap niya sa akin na alamin ang status ko. Sa pagkakaalala ko, noong nagpasya siyang magpa-test sa Manila Social Hygiene Clinic sa harap ng San Lazaro Hospital, isang buwan ang hinintay namin bago makuha ang resulta. Matagal ang proseso ng testing dito dahil narito rin ang San Lazaro STD-AIDS Cooperative Central Laboratory kung saan dinadala ang lahat ng blood samples na nagmumula sa iba't ibang bahagi ng bansa para sa confirmatory results sakaling magpositibo sa inisyal na testing ang isang tao. Sa loob ng mga araw na iyon, nakita ko ang nakakikilabot na mukha ng takot sa kanya. Sa tuwing magkasama kami, bigla na lamang tumatagas ang mukha niya nang walang dahilan. Sa tuwing may napapansin siyang kakaiba o pagbabago sa katawan niya, kahit na panunuyo lamang ng mga labi o pamumula ng mga palad ay napapahagulgol na lamang siyang bigla. Para siyang salaming unti-unting nagkakalamat hanggang sa tuluyan nang mabasag sa paningin ko sa tuwing maririnig ko sa kanya nang paulit-ulit ang *"May mali sa akin. May nangyayari sa katawan ko. Hindi ito normal, hindi ito normal."* Sa tuwing nakikita ko siyang ganoon, may kung anong bagay na lumulobo sa loob ng dibdib ko na pabigat nang pabigat at pakiramdam ko ay sasabog anumang oras. Sa tuwing naririnig ko sa kanya na unti-unti siyang kinakain ng takot at panghihina ng loob, pakiramdam ko ay may kung anong mabigat na bagay ang dumadagan sa ulo ko. Imbes na palakasin ko ang loob niya, nagmistulan akong vacuum na humihigop sa lahat ng mga nakikita, naririnig, at nararamdam sa tuwing napag-uusapan namin ang posibleng maging resulta ng test niya.



Palagi kong naririnig na ang pinakamabisang panlaban sa stigma sa HIV at AIDS ay ang alamin ang iyong status. Ito raw ang simula ng paglaban at paggamot sa kamangmangan sa usaping ito. Ito raw ang simula ng pagpapalakas ng parehong loob at katawan para talunin ang mga sakit na ito. Hindi raw kailangang parusahan at sisihin ang sarili kung sakaling magpositibo; na hindi raw death sentence ang pagkakaroon ng HIV o AIDS dahil may mga gamot na na maaaring pumigil sa pagdami ng virus. Pero ewan ko ba? Hindi naging positibo ang pagtanggap ko sa mga linyang ito. Tuluyan nang nilason ng kaduwagan ang dugong dumadaloy sa mga ugat ko kahit pa nang malaman naming negatibo ang resulta ng test ni Sergie.

Doon ako nag-umpisang mangako sa sarili na hinding-hindi ko pagdadaan ang ganoong klase ng emotional at psychological torture na nakita ko sa kanya; na ano man ang mangyari, ililibing akong kasama ang misteryo ng status ko. Ang sabi ko, walang ibang nakakakilala sa sarili ko, kundi ako. Alam kong hindi ganoon kalakas ang isip ko sa pagproseso sa ideya ng kamatayan, lalo na kung kamatayan ko at isang sakit na kinatatakutan at sinusumpa ng lipunan ang magiging dahilan nito. Kaya sa kabila nang maraming beses na pagmamakaawa ni Sergie sa akin na ituloy ang pagpapa-test ay wala siyang napala. Sa tuwing nagkakaroon kami ng malalang diskusyon tungkol dito bilang magkasintahan, lagi kong tinatapos ang usapan sa *“May condom naman. Kung gusto mo, hiwalayan mo na lang ako. Basta hindi ako magpapa-test,”* hanggang sa magkasundo kaming maghiwalay pagkatapos ng dalawa’t kalahating taon.



Nang itanghal akong first-runner up ni Jonnie, naging biruan na sa aming magbabarkadang kontesera na mapapasaakin lamang ang korona, sakaling madethrone o mawala ang reyna.

“Di bala agi, hambal sang emcee, if the reigning queen cannot fulfill her duty, the first-runner up will take over?” salitan sila sa pagpapaalala sa akin sabay ng pagpapakawala ng malulutong na tawa.

“Malay naton day, magmasakit si Jonnie, o kung hindi man gani, matigok dayon, a!” dugtong pa nila kahit pare-pareho naming alam na hindi naman ganoon ang siste ng mga byukon sa barangay.

Naiintindihan kong kahit kailan ay hindi naging tama na hilingin ang pagkakasakit lalo na ang pagkamatay ng isang tao. Pero aaminin kong noong mga panahong iyon, nangingiti ako sa tuwing maririnig ko ang birong ito hindi dahil gusto kong may tamaan ng malas, kundi dahil nakikita ko sa balintataw ng isip ko ang sariling nakaputing fully-beaded gown at kinokoronahan ng kapitan de barangay habang pinapalakpakan ng mga nakalaban sa byukon na dumalo sa aking koronasyon. Siyempre, wala roon si Jonnie.

Bumalik sa akin ang birong ito pagkalipas ng halos sampung taon, nang magka-chat kami ni Benjie sa Facebook. Pagkatapos ng kumustahan sa kung ano na ang nangyayari sa mga buhay-buhay namin, bigla na lamang niyang tinulak ang pangalan ni Jonnie sa usapan:

“Nadumduman mo pa si Jonnie, ‘day?”

“Sin-o nga Jonnie, man?”

“Si Jonnie bala haw? Atong mestisohon nga agi bala nga taga-banwa.”

“Atong agi nga nagdaog sa Miss Gay sa Pacol?”

“Amo gid! Ang nakapirdi sa imo!”

Virus na mabilis na sinakop ang isip ko ng mga salitang sunod na nabasa ko sa chat ni Benjie sa akin. May AIDS daw si Jonnie. Siya ang kauna-unahang kaso sa banwa namin. Sa pagkakarawan niya kay Jonnie, halos kainin na raw ng balat niya ang kanyang katawan at unti-unti na ring tinatakanan ng normal na kulay ng tao. Malayong-malayo iyon sa mala-

santo niyang imaheng nakaukit na sa alaala ko. Ganoon na lamang kalinaw ang namuong larawan ni Jonnie sa isip ko na kahit matapos na ang usapan naming iyon ni Benjie ay buhay na buhay pa rin ang malabangkay niyang imahen sa balintataw ng isip ko.

“Ti, ikaw gid tani manubli sang korona niya kung sang-una pa ini natabo, ‘day!’ Ito ang nagpaalala sa akin sa kinahihilakbutan ko nang biro ngayon.

Ni-mute ko na ang chat box nang mabasa ko ang huling mensahe ni Benjie. Bigla ko na lamang naalala ang maraming pagkakataong pinaubaya ko ang katawan ko sa dikta ng pagliyab nito. Alam ko at nauunawaan ko na may kaakibat na panganib ang walang pag-iingat na mga pagpapaubaya kong iyon sa halina ng tawag ng laman. Pero sa kabila noon, aaminin ko ring madalas na hirap akong tanggihan ito, lalo na kapag naroon na ako sa sandaling lumalagablab na ang katawan ko. Bukod kasi sa sensasyong dulot nito sa akin, para bang mayroon pang ibang pakiramdam na napapala ang katawan ko. Isang uri ng pakiramdam na hindi madali para sa akin na maipaliwanag; pakiramdam na lumalagpas na sa sakit at libog at kahulugan ng mga salitang maaaring maiugnay sa dalawang ito kaya marahil ay hindi ko mabigyang ngalan. Tulad ito ng pakiramdam ko sa tuwing nasa entablado ako noon at rumarampa sa harap ng mga manonood. Tulad ng sabi ko, hindi lingid sa akin ang mga pisikal na kirot at hapdi, pati na ang mga hindi nakikitang sugat ng pagsali sa byukon, ganoon din ang mainit na sensasyong dulot nito sa loob ko. Pero natatabunan ang mga ito sa oras na marinig ko na ang mga mukhang naghihiyawan at nagpapalakpakan—musika ng pagsamba sa katawan ng isang bakla, sa pagkatao ng isang bakla. Pagsambang nangangahulugan rin para sa akin ng pagtanggap ng ibang tao sa aking pagkabakla na masasabi kong parehong sa entablado at sa loob ng pribadong silid ko lamang natatagpuan. Sigurado akong hindi ko na maalala ang lahat-lahat ng pagpapaubaya kong iyon dahil hindi ko na rin mabilang ang mga pagkakataong iyon. Dahil dito, muli akong pinaglaruan ng imahinasyon ko. Parang pelikulang ni-replay

sa isip ko ang pinangarap kong koronasyon nang dahil sa dethronement ni Jonnie. Pero hindi tulad noong nauna, sa pagkakataong ito, hindi na ang kapitan de barangay kundi si Jonnie na mismong buto't balat at kulay abo ang nagpatong sa ulo ko ng koronang kinain na ng kalawang.

Nang makauwi ako sa Negros noong taon ding iyon para magbakasyon, sinubukan kong sumagap ng kahit katiting na impormasyon tungkol sa kalagayan ni Jonnie. Aaminin kong matapos ang pag-uusap namin ni Benjie tungkol sa kanya ay hindi na ako nilubayan ng aktibo kong imahinasyon at pagiging overthinker. Pero sa pagtatanong-tanong ko sa malalapit na kabaro sa komunidad ay hindi ko inaasahang mapahiya nang maraming beses. Sa tuwing nabanggit ko ang pangalan ni Jonnie sa kanila, kung hindi nakakalokong tawa ay singhal o hindi kaya ay tatalikuran na lamang akong basta at iiwang mag-isa kasama ang mga tanong ko tungkol sa kanya at hindi na ulit ako kikibuin. Iyong mga kahit papaano ay may natitira pang respeto sa kausap, inililiko na lamang sa ibang eskinita ang usapan mailigaw lamang ang sagot sa mga tanong ko. Saka ko na lamang malalaman na naging sikretong taboo na paksa na pala si Jonnie sa banwa namin lalo na sa mga kabaro.

Magmula grade 4 hanggang high school ay natunghayan ko kung paanong naging malaking bahagi ang komunidad ng mga bakla sa Dolid sa pagpapaganda at pagpapasaya ng banwang ito. Sa lahat na lamang ng okasyon: debut, JS Prom, sagala, pageant, piyesta, street dancing, cultural meets, at misa. Sa lahat na lamang ng lugar: sa mga eskuwelahan, sa mga palengke, sa munisipyo, at maging sa mga simbahan ay hindi nawawala ang presensiya ng isang bakla. Ano man ang ipinagdiriwang at trabahong kailangang gawin ay lagi't laging kailangan ng mga heterosekswal na mamamayan ng banwa ang husay at talino ng isang bakla. Kaya hindi ko lubos maisip ang isang Dolid na kinalimutan ang ambag ng komunidad namin sa kasaysayan nito nang dahil lamang sa naging kalagayan ni Jonnie. Hindi lamang din siya kundi ang lahat ng kabaro sa banwa ay tahimik na kinatakutan at pinandirihan ng Dolid.

Lalo pang lumubha ang takot at pandidiring iyon dahil kami-kami mismo sa komunidad ay pinatatahimik ang isa't isa imbes na mag-usap tungkol dito. Matapos ang dalawang araw ng pananatili roon, iniwan ko ang Dolid nang hindi nalalaman ang kasalukuyang kalagayan ni Jonnie at tuloy-tuloy na pininsala ng tahimik ngunit nakamamatay na takot at pandidiri sa aming mga bakla ang aking banwa.



Nasa ikalawang semestre na noon sa ikatlong taon ko sa kolehiyo nang mapag-usapan sa isang klase namin sa Social Science ang HIV at AIDS. Hindi ko na matandaan kung paanong napadpad doon ang diskusyon tulad din ng hindi ko na maaninag sa alaala ang pangalan ng propesor namin sa klaseng iyon. Ang natatandaan ko na lamang ay part-timer siya. Pandak na matandang babae na kamukha ni Dionisia Pacquiao. Hinding-hindi ko makalilimutan ang araw na iyon dahil sa walang kakaba-kaba niyang pahayag sa klase.

“Gay people are the main cause of HIV and AIDS. Do you know they are also called green monkeys?”

Sa pandak niyang iyon, nagmamatangkad ang matter-of-factly na tono niya habang sinasabi ang mga katagang ito sa pagmumukha namin kahit alam na alam niyang may mga bakla sa klaseng iyon. Kung nakamamatay lamang ang tingin, paniguradong ilang sandali lamang ay nakabulagta na siya at naliligo sa sariling dugo sa harap ng klase.

Bilang kahit papaano ay may natira pa kaming respeto sa pagkatao niya, maayos siyang kinausap ng ilan sa amin matapos niya kaming i-dismiss. Panay ang paghingi niya ng tawad sa amin pagkatapos niyon. Nangako siyang hihingi ng paumanhin sa buong klase sa susunod na pagkikita, pero siniguro naming ibang propesor na ang haharap sa amin nang mga sumunod na araw.

Hindi napawi ng solusyong iyon ang pangagalaiti ko sa ideyang hindi na maihiwalay ng karamihan, kahit na gaano pa sila kaedukado, ang salitang bakla sa mga sakit na ito. Ang sabi ni Sergie sa akin dati, ang mga bakla raw kasi ang mga nilalang na pinakamalakas ang loob at pinakamatapang na pumunta sa mga social hygiene clinic para alamin ang status nila. Iyon ang pinagbabasehan ng statistics na pinalalaganap sa publiko at malamang, bahagi rin ito ng pinag-uugatan ng stigma. Kung tutuusin, wala namang pinipiling kasarian ang mga sakit na ito. May kaibigan akong volunteer ng isang organisasyong tumutulong sa mga PLHIV sa Metro Manila. Ayon sa kanya, mapababae, lalaki, at kahit nga raw bata ay maaaring magkaroon ng ganitong sakit. Hindi ito eksklusibo sa aming mga bakla. Ganoon pa man, imbes na gamitin ang datos para mahanapan ng solusyon ang problema, ginagamit ito ng iba para palalain ang homophobia. Wala kaming nagawa nang ipatong na ng lipunan ang imbisibol na korona sa mga ulo namin sa panahon na lagang ang HIV at AIDS sa bansa. Ang lahat ng mata, nakatutok at nakabantay sa amin. Makita lamang na hindi normal ang pagkapayat mo o hindi kaya ay magkasakit ka lamang, kahit walang patunay ay iisipin ng lahat na may AIDS ka.

Naalala ko ang sinabi sa akin ng isang coteacher sa unang eskuwelahang pinagturuan ko sa Q.C. Nagkaroon ako noon ng kidney stones. Nahihirapan akong umihi at kung maihi man ako ay kulay tsaa na ito at may pagkakataon pang dugo na ang lumalabas sa ari ko. Nahirapan akong itago ito sa mga katrabaho dahil napapadala na ang pag-absent ko sa tuwing inaatake ng matinding pananakit ng tagiliran. Komento niya, kahit walang humihingi ng opinyon niya, sa ibang doktor na raw ako magpatingin. At talagang siya ang nag-diagnose sa akin nang sabihing hindi na raw sakit sa kidney ang meron ako. Hindi man niya ako madiretso, alam ko ang ibig niyang sabihin; na pakikipagrelasyon sa kapwa lalaki ang dahilan ng sakit ko. Kahit kailan naman kasi ay hindi ko itinago ang kasarian ko sa kahit kanino. Kahit pa

sa mga katrabaho. Nahinto lamang siya sa pagkomento nang gumaling ako matapos tunawin ng hindi mabilang na gamot ang mga ga-munggong kristal sa mga kidney ko.



Isang taon matapos kong malaman ang balita tungkol kay Jonnie at sa mga kabaro namin sa Dolid, unti-unti ring tumamlay at tuluyan nang nanghina ang mga pagkabahala ko tungkol sa status ko. Matigas ang ulo ko at madalas akong umastang matapang kaya ito rin ang pinairal ko pati na sa pagpapasyang tuluyan ko na itong kalilimutan. Tulad dati, balik ako sa “bahala na kung meron akong sakit o wala.” Mamatay na kung mamamatay basta walang makakaalam kahit na ang sarili ko. Kahit na nga sa kabila ng pakikipag-usap at pakiusap sa akin ng uniberso sa sarili nitong lengguwahe na tuldukan ko na ang mga natitira kong agam-agam at pagkabahala sa pamamagitan ng isang test.

Maraming beses akong pinadalhan ng mensahe ng uniberso sa iba’t ibang paraan. Makailang beses akong naabutan ng flyers at brochures tungkol sa HIV at AIDS noong mismong araw na magdesisyon akong tuldukan na ang isyung ito sa buhay ko. Sinundan pa iyon ng mga palagiang patalastas sa TV na humihikayat sa lahat na alamin ang kanilang status sa pamamagitan ng pagpapa-test. Pinakamalala ang balitang pumanaw na ang isa sa mga nakarelasyon ko dati dito sa Maynila—si Gene\*. Pinapatay ko noon ang oras sa pagpe-Facebook nang mahagip ng mga mata ko ang isang post tungkol sa kanya. Bumalik ulit sa akin ang paglalarawan ni Benjie kay Jonnie nang dahil sa larawang naka-post. Nakaratay sa hospital bed si Gene. Halos hindi ko na siya makilala sa buto’t balat niyang anyo at abuhing kulay ng balat pero nagawa pa ring sumilay ng matamlay na ngiti sa mga labi niya habang nakaharap sa camera. Ang sabi sa mga nabasa kong komento, meningitis daw ang ikinamatay niya at pinalala pa ng komplikasyon sa sakit sa baga.

Bigla akong napabukas ng Google para alamin kung isa ba ang meningitis sa mga sakit na pwedeng ikamatay dahil sa HIV at AIDS. Alam kong agarang paghusga ito sa kanya, pero hindi ko maiwasang isipin iyon dahil sa tatlong buwang pinagsamahan namin ay nakabisado ko na ang ugali niya. Kung itinuturing ko ang aking sarili na padalus-dalos at hindi pinag-iisipang mabuti ang mga bagay na maaaring ikapahamak ko, masasabi kong triple pa siyang ganoon kumpara sa akin. Sa huli, nakumpirma nga ang mga hinala ko nang makatanggap ako ng mensahe mula sa isang taong nakakakilala sa aming dalawa. Mula nang magkolehiyo ako ay hindi na ako paladasal. Pero noong sandaling iyon, tahimik ko siyang pinagdasal matapos maisara ang laptop para bigyan ng oras ang sariling maka-recover sa nabalitaan. Sa kabila nito, nakipagmatigasan pa rin ako sa mensahe sa akin ng uniberso.

Pero hindi pala laging nagtatapos sa tuldok ang mga pagpapasya sa buhay. Dahil isang umaga ng Agosto 2019, bigla na lamang akong ginising ng isang panibagong desisyon at ng isang ideya—ng desisyong alamin ang status ko at ng ideyang anuman ang maging resulta, itutuloy ko ang buhay nang hindi na natarakot. Nagpasya akong mag-half day sa trabaho para pumunta sa isang social hygiene clinic na malapit sa akin. Magaan ang mga hakbang ko habang papasok ako sa gate ng ospital kung saan naroon ang clinic. Kasinggaan ng pakiramdam ko habang kinukuhanan ako ng blood sample para sa gagawing test. Matapos noon ay pinaghintay ako ng nurse sa isa sa mga upuang nakahilera sa labas ng lab kung saan kasama ko ang iba ring naghihintay ng kanilang resulta. May mag-asawa. May buntis. May matanda. Kaharap namin ang telebisyon kung saan paulit-ulit na pinalalabas ang isang infomercial tungkol sa mga dapat naming malaman sa pagpapa-HIV test hanggang sa paggagamot. Pakiramdam ko, para akong hinahanda sa kung ano mang magiging resulta. Sana negative, naisip ko. Pero paano kung positive? Kahit pa. Walang magbabago, pangako ko sa sarili. Ilang beses kong sinagot ang marami ko pang tanong sa isip.



Mas mabilis ang proseso ng HIV testing dito kung ikukumpara 11 years ago noong sinamahan kong magpatest si Sergie. Gumagamit sila rito ng Rapid HIV test kit na kahawig ng mga nabibiling pregnancy test kit sa drugstores. Kaya pagkalipas lamang ng tatlumpong minutong paghihintay, nakuha ko na ang resulta. Ang totoo, bago pa man ako tumungo sa clinic ay inihanda ko na ang ulo ko sa posibilidad ng pagbigat nito nang dahil sa kalawanging koronang maaaring ipasa sa akin ni Jonnie sa araw na iyon. Pero pagkatapos ng paghihintay, walang nagbago sa pakiramdam ko.

Nang malaman ko sa nurse ang resulta, para bang muli kong nakita ang nagliliwanag na imahen ni Jonnie sa isip. Nakaputing fully-beaded gown, unat na unat ang itim na wig, kumakaway sa akin, at naroon pa rin ang koronang nakahapon sa ulo niya. Hindi na ito nginangatngat ng kalawang pero hindi na rin nito taglay ang naunang ningning at kinang noong gabing matalo ako sa byukon. Ganoon pa man, para bang may sariling buhay ang korona sa ulo niya at sinasabi nito sa akin na si Jonnie lamang ang tunay na nagmamay-ari niyon.

Nang paalis na ako ay tinuro sa akin ng nurse ang counter kung saan naroon ang mga libreng condom at lube. Agad kong inihanda ang bag ko. Pero nang mapansin kong nakatingin sa akin ang mga nakaupo sa hilera ng mga upuan ay saglit akong natigilan. Tingin ba ng panghuhusga ang mga iyon? Hindi ako sigurado at wala na rin akong pakialam, sagot ko sa sarili. Ang sigurado ako, mas mahalaga ang yugtong ito para sa aking buhay at katawan, kesa sa mga tinging iyon. Dumakot ako ng hindi mabilang na kahon. Isinilid ang mga iyon at isinara ang zipper ng aking bag tulad ng pagsara ko noong araw na iyon sa bahagi ng buhay kong matagal-tagal ding nabalot ng takot at pagkaduwag.

*\*pinalitan ang mga pangalan upang itago ang tunay na pagkakakilanlan*